REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
**DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS**
Meralco Avenue, Pasig, Metro Manila

**OFFICE OF THE SECRETARY**

June 30, 1999

DECS MEMORANDUM
No. 272, s. 1999

LAUNCHING OF "KAYA MONG LUMIKHA KID"

To: Regional Directors
Schools Superintendents
Private Elementary School Principals

1. Jollibee Foods Corporation announces the launching of a scrap art contest entitled "Kaya Mong Lumikha Kid" on the 2nd week of July.

2. The objective of the Contest is to provide a venue for children to demonstrate their ability to generate innovative, original and creative ideas and translate them into functional and artistic pieces.

3. The Contest is part of Jollibee's yearly endeavor to empower the Filipino child. It is open to all elementary schoolchildren aged 8-13. Deadline for submission of entries is on August 20, 1999. Inclosed is the Contest mechanics.

4. For inquiries, call Ms. Jenny C. Go, Senior Account Executive, McCann-Erickson Philippines, Eurovilla II Bldg., 118 Herrera St., Legaspi Village, Makati City, Tel. Nos. 814-62-16 or 840-57-41, Local 6216.

5. Immediate dissemination of this Memorandum is desired.

ANDREW GONZALEZ, FSC
Secretary

Incl.: As stated
Reference: None
Allotment: 1--(D.O. 50-97)
To be indicated in the Perpetual Index
under the following subjects:

CONTESTS
PUPILS

KAYA MONG LUMIKHA KID
CONTEST MECHANICS

PAANO SUMALI:

1. Ang paligsahan ay bukas sa mga mag-aaral na mapipiling kinatawan ng kanilang paaralan. May dalawang kategorya ang paligsahan:
   Unang kategorya - Grades 3-4 (8-10 years old)
   Pangalawang kategorya - Grades 5-7 (11-13 years old)
   Bawat paaralan ay maaring magpadala ng isang grupo sa bawat kategorya. Ang isang grupo ay may tatlong (3) kasapi.
2. Ang mga kalahok ay lilikha ng kapaki-pakinabang na bagay mula sa scrap materials. Maaring isang klase lamang or kombinasyon ng iba't ibang scrap materials ang gamitin. Mga halimbawa: gamit na papel, lumang kahon, lata, bote, mga ritaso, atbp.
   Sa isang selyadong sobre, ipadala ang mga sumusunod:
   - 8x10 in. na larawan ng iyong entry (kinunan mula sa lahat ng anggulo)
   - Deskripsyon ng entry (nagpapaliwanag ng mga materyales na ginamit at ag paaran ng paggamit ng entry)
   - Endorsement letter mula sa school principal (nagpapatunay na ang mga kalahok ay mga kinatawan ng paaralan)
   - Contest application form (na maaring makuha sa lahat ng kasaling paaralan at sa lahat ng Regional o Division Office ng DECS)

   Ang paaralan, sa pamamagitan ng school principal, ang magpapadala ng entries sa mga designated Jollibee outlets.
   Maaring mag-submit ng entries hanggang August 20, 1999.
   Para sa mga lugar na walang Jollibee outlet, ipadala sa pinakamalapit na Jollibee outlet sa pamamagitan ng koreo.
3. Magkakaroon ng Regional Finals, Elimination Round at National Finals. Para sa Regional Finals, ang paghatol sa entries ay gagawin mula sa August 21 hanaggang September 6, 1999 sa mga piling Jollibee stores. Para sa Regional Finals at Elimination Round, ang batayan ng paghatol ay ang larawan ng mga entries.



Pamantayan sa Paghatol:

| | CATEGORY A | CATEGORY B |
|---|---|---|
| PAGIGING MALIKHAIN | | |
| Kakayahang makapag-isip at maipakita ang mga orihinal na ideya sa pamamagitan ng paggamit ng scrap materials | 35% | 30% |
| KAPAKINABANGAN | | |
| Kakayahang makapag-isip ng mga orihinal na ideya o bagay na may praktikal na gamit | 35% | 40% |
| KALINISAN NG ENTRY | | |
| Kakayahang nakabuo ng isang malinis at maayos na entry | 20% | 20% |
| PRESENTASYON | | |
| Kakayahang maipaliwanag ang entry nang maayos at malinaw | 10% | 10% |

4. Sa bawat rehiyon, pipili ang mga judges ng isang finalist sa bawat kategorya. Lahat ng finalists ay mapapabilang sa Elimination Round na gaganapin sa Metro Manila sa September 16, 1999.

   Ang bawat Regional Finalist ay mananalo ng medalya, Php 3,000 cash at Php 3,000 Jollibee Gift Certificates. Tatanggap naman ang kanilang paaralan ng Plaque of Appreciation mula sa Jollibee.

5. Sa Elimination Round, pipili ng limang finalists sa bawat kategorya na kakatawan sa mga sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| GMA | - | 2 finalists |
| Southern Luzon | - | 2 finalists |
| Northern Luzon | - | 2 finalists |
| Visayas | - | 2 finalists |
| Mindanao | - | 2 finalists |

Ang mga mapipili sa Elimination Round na manggagaling sa labas ng Metro Manila ay bibigyan ng ROUND TRIP TICKET upang makadalo sa National Finals (kasama ang isang chaperone sa bawat grupo.) Lahat ng finalists ay sasabihan sa pamamagitan ng sulat.



6. Para sa National Finals na gaganapin sa Metro Manila sa October 9, 1999, pagbabatayan ng inampalan ang mga orihinal na likha ng mga batang nagwagi sa Regional Finals at Qualifying Round. Hihilingin sa mga finalists na dalhin ang kanilang aktwal na likha sa timpalak. Ang bawat grupo ay bibigyan ng lima hanggang sampung minuto upang ipaliwanag ang kanilang entry.
7. Sa bawat kategorya, ang entry na may pinakamataas na puntos ang magiging National Winner. Ang National Winner ay tatangap ng medalya, Php 50,000 cash, Php 3,000 Jollibee Gift Certificates at Pins of Distinction. Ang second place winners ay tatangap ng medalya, Php 30,000 cash, Php 3,000 Jollibee Gift Certificates at Pins of Distinction. Ang third place winners ay tatangap ng medalya, Php 15,000 cash, Php 3,000 Jollibee Gift Certificates at Pins of Distinction. Ang kanilang paaralan at tatanggap ng tropeo at kaukulang special prize package. Gaganapin sa October 10, 1999 ang paggawad ng mga gantimpala sa mga magwawagi.
8. Ang hatol ng inampalan ay hindi na mababago.
9. Ang mga anak ng empleyado ng JFC, Jollibee stores at franchisees, ang subsidiaries, advertising, PR at support agencies nito, ang kanilang suppliers, at mga kamag-anak nila hanggang second degree of consanguinity at affinity ay hindi maaring sumali sa contest na ito.